


# SURING SUPLING

Kalipunan ng mga Rebyu  
ng mga Akdang Pambata sa Pilipinas



Rosario Torres-Yu  
Cheeno Marlo Sayuno  
Jose Monfred Sy  
**MGA PATNUGOT**



## **SURING SUPLING:**

### **Kalipunan ng Rebyu ng mga Akdang Pambata sa Pilipinas**

© 2022 Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman at Supling Sining Ink.

Sinusuportahan ng Sentro ng Wikang Filipino–Unibersidad ng Pilipinas Diliman (SWF-UPD) ang bukas na pag-akses (open access) para sa pag-download, pagbahagi, pagsipi, at paggamit nang buo ng mga aklat at materyales ng Aklatang Bayan Online at P2P Digital. Hinihiling ang angkop na pagbanggit sa mga aklat at mga awtor at/o patnugot nito at sa SWF-UPD bilang orihinal na batis at tagapaglathala, kadikit ang tagubilin na huwag babaguhin at gagamitin para sa komersiyal na layunin ang mga na-download na teksto.

## **The National Library of the Philippines CIP Data**

### **Recommended entry:**

Suring supling : kalipunan ng rebyu ng mga akdang pambata sa Pilipinas / Rosario Torres-Yu, Cheeno Marlo Sayuno, Jose Monfred Sy, mga editor. — Quezon City : Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman, [2022], c2022.

pages ; cm

ISBN 978-971-635-093-7 (pb/bp)

ISBN 978-971-635-094-4 (pdf)

ISBN 978-971-635-095-1 (pdf)

1. Children's literature, Filipino—History and criticism.
2. Children's literature, Philippine (English)—History and criticism.
3. Children's literature—Book reviews. I. Yu, Rosario Torres-. II. Sayuno, Cheeno Marlo. III. Sy, Jose Monfred. IV. Title.

899.2113083 PL6058.9 2023 P320230047

Kinikilala ng Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman ang Opisina ng Tsanselor ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman para sa pagpopondo ng paglalathalang ito.

**Rosario Torres-Yu**

**Cheeno Marlo Sayuno**

**Jose Monfred Sy**

Mga Editor

**Jayson D. Petras**

Punong Editor, Aklatang Bayan Online

(2022-kasalukuyan)

Direktor, Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman

**Michael Francis C. Andrada**

Punong Editor, Aklatang Bayan Online (2019-2022)

Direktor, Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (2019-2022)

**Eileen Narvaez**

Editong Pangwika

**Rogelio P. Panuelos Jr.**

Disenyo ng Aklat

**Elfrey Vera Cruz Paterno**

Kawaksing Editor, Aklatang Bayan Online

(2021-kasalukuyan)

**Dania Reyes**

Disenyo ng Pabalat



### **Inilathala ng:**

Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa pamamagitan ng  
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman  
3/Palapag, Gusaling ISSI, E. Jacinto St., UP Diliman, Lungsod Quezon  
Telefax: 8924-4747 | Telepono: 8981-8500 lok. 4583 | [www.swfupdiliman.org](http://www.swfupdiliman.org)

# Talaan ng Nilalaman

Pambungad	1
ROSARIO TORRES-YU, CHEENO MARLO SAYUNO, AT JOSE MONFRED SY	
Paunang Salita	4
“Book Budol: Halaga ng Pagrerebyu ng mga Aklat Pambata”	
EUGENE Y. EVASCO	
<b>Mga akda sa gitna ng pandemya</b>	
“Pagdamdam sa Damdamin ng Bata sa Pandemya: Rebyu ng Kuwentong <i>Hindi Makuwi si Nanay</i> ”	10
VIJAE O. ALQUISOLA	
“ <i>Papuntang Community Pantry</i> , kuwento ni Eugene Evasco at guhit ni Aldy Aguirre”	17
CHINA PEARL DE VERA	
<b>Mga akda para sa edukasyong pangkalusugan</b>	
“ <i>Ako ay may Kiki</i> : Isang Rebyu sa Pananaw ng Guro at Ina”	20
MARICEL PADUA LOPEZ	
“Piging ng Samot-saring Damdamin: Pagbasa sa <i>Maaanghang na Salita</i> nina Garlitos at Parrocha”	22
ROGELIO P. PANUELOS JR.	

“Dibisyon ng mga Emosyon: Pagsusuri sa Picture Book na *Sungit* ni Liza Flores” 26

KIM FRANCESCA G. FLORESCA

“Rebyu ng *Ang Kuya Kong Zombie* (2020) nina Luis P. Gatmaitan at Ivan Reverente” 32

JUNILO S. ESPIRITU

### **Mga akda hinggil sa pagkakaisa sa pagkakaiba**

“Pagkakaibigan at Kapansanan: Pagsusuri sa Picture book na *Tara, Itok!*” 43

NEPHI MAE TANGALIN

“Tatlong Pagbasa, Dalawang Mambabasa, Dalawang Tulong sa Pagbasa = *Pitong Tsinelas*” 54

ANNA VICTORIA B. DOLORES

### **Mga akdang yumayakap sa lahat ng kasarian**

“Mga Kulay ng Identidad at Pangungulila: Pagsipat sa *I Like Wearing Rainbows* nina Llanera at Manaig” 60

CHEENO MARLO SAYUNO

“Ako’y Di Nililihim sa Dilim: Kendeng Tayo!” 67

JACK LORENZ ACEBEDO RIVERA

“Panitikang Pambata bilang Kasangkapan ng Pagbabalik-loob sa Egalitaryong Sistema ng Sinaunang Pamayanang Pilipino” 75

MARK JOSEPH P. SANTOS

### **Mga akda para sa pangangalaga ng kalikasan**

“Silip sa Lilim ng mga Salita at Larawan: Analisis ng Kuwentong Pambatang *Ang Mahalagang Misyong ng mga Batang PeKiRo*, Sulat ni Mark Norman Baquiren at Guhit ni Lui Buan” 90

MARIA JESSICA B. BACTOL

- “Kung Paano Nakikilala ng mga Bata ang Pawikan: Pagsusuri sa Kuwentong Pambatang *Si Ponyang at ang Lihim na Kuweba*” 99  
KEN RUSSELL M. PEÑAFLOR

### **Mga akdang tumitindig laban sa pang-aabuso**

- “Tulong-tulong na Pagsasampay sa Damit at Pag-igpaw sa Abusong Seksuwal sa *Ang Misteryo ng Patong-Patong na Damit ni Hulyan*” 111  
IVAN EMIL A. LABAYNE

- “Niñang Inosente: Isang Picture Book Analisis ng *Niña Inocente* ni Augie Rivera at Guhit ni Juni Abreu” 117  
JAMIE FARREN GAIL R. MANGLICMOT

### **Mga akdang tumitindig kasama ng mga katutubo**

- “Ang saliw ng paglaban sa *Sayaw ng Pantaron* nina Janine Dimaranan at Ilena Saturay” 127  
JOSE MONFRED C. SY

- “Paglalakbay at Pagpupunla: Rebyu ng *Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan* ni Mon Sy at Ara Villena” 132  
RODA TAJON

### **Mga akdang tumitindig kasama ng maralita**

- “*Si Gino Gulay*: Isang rebyu” 138  
JEFFREY DELFIN

- “Tagumpay ng Laban sa Lagim: Ang Hulagway ng Humihingang Tahanan” 142  
ROSARIO TORRES-YU

# Panitikang Pambata bilang Kasangkapan ng Pagbabalik-loob sa Egalitaryong Sistema ng Sinaunang Pamayanang Pilipino

**MARK JOSEPH P. SANTOS**

ANG MAMA KO'Y naniniwala sa bawa't sabihin ng papa ko, samakatuwid ay isang mapagpakumbabang babae. Natural lang na ang paniniwala niya tungkol sa magkahiwalay na papel sa buhay ng lalaki't babae ang isalin niya sa kaniyang mga anak. Kasama na rito . . . ang pananaw-Victorian na ang babae'y libangan lang, pampaantok lang siguro, ng mga lalaki sa gabi, pagkaraan ng maghapong paggawa at pakikipagpingkian ng talino.

—Amanda Bartolome sa *Dekada '70* (Bautista 2018, 26-27)



## Panimula

Mula pa lamang sa pagkabata ng babae't lalaki, naitakda na ng lipunan ang kanilang mga gampanin, ang mga dapat nilang gawin, at ang mga dapat nilang iwasan. Kadalasang binibigyan ang mga batang lalaki ng bola, bisikleta, laruang sasakyan, baril-barilan, tao-tauhang sundalo, at iba pang mga bagay na humuhulma sa kanila upang maging maliksi at aktibo. Samantala, ang pangkaraniwan namang binibili para sa mga batang babae ay mga manyika, *doll house*, at mga laruang pangbahay-bahayan tulad ng laruang *crib*, *washing machine*, duyan, luto-lutuan, at iba pa. Nakatutulong naman ang mga ito upang maging pasibo ang mga batang babae, at para na rin maihanda sila sa mga gawaing-bahay sa hinaharap bilang ina (Bautista 2016, 5-7).

Ang ganitong tila inosenteng pagbibigay ng mga laruan sa mga bata batay sa kanilang kasarian ay nakasalig sa isa sa mga pangunahing lohika ng patriyarka—na ang espasyong domestiko lamang ang lugar para sa mga babae, at lahat ng mga espasyo sa labas nito ay para na sa mga lalaki. Para sa lalaki ang edukasyon, politika, komersiyo, relihiyon, at ano pa mang espasyong lagpas sa makitid na daigdig ng tahanan. May kasabihan na “sa likod ng bawat tagumpay ng lalaki ay isang babae.” Sa unang sulyap, tila pagbibigay ito ng inspirasyon sa mga babae, animo’y pagpapahalaga sa kanilang papel na ginagampanan. Pero sa katunayan, pampalubag-loob lamang ito sa realidad na inaasahan ng lipunan na para lamang sa mga lalaki ang “tagumpay,” habang ang babae ay dapat lamang laging manatili “sa likod,” isang magiting na tagasuporta lamang ng lalaki.

Ang tagumpay ng babae ay kadalasang sinusukat lamang sa husay sa pagsisilbi niya sa kaniyang asawa't anak bilang isang maalagang ina at matiising misis. Inaasahan siyang maging mahusay sa paglalaba, pagsasampay, pamamlantsa at pagtatahi ng mga damit, pagluluto ng pagkain, paghuhugas ng mga pinggan, paglilinis ng mga kuwarto, at pagsasalansan sa gamit ng kaniyang mag-anak. Mula pa man sa pagkadalaga ay sinasanay na sa mga ganitong gawain ang mga babae, upang sa hinaharap ay matupad nila ang inaasahan sa kanila bilang mga ina. Sa kabaligtaran, kadalasang hindi tinuturuan ang mga lalaki sa mga gawaing-bahay, dahil inaasahan na sa hinaharap ay sa labas ng tahanan ang kanilang magiging mundo. Mainam na nailarawan ni Chimamanda Adichie (2014) sa kaniyang akdang *We Should All be Feminists* ang realidad na ito:

I know a family who has a son and a daughter, a year apart in age, both brilliant at school. When the boy is hungry, the parents say to the girl, ‘Go and cook Indomie noodles for your brother.’ The girl doesn’t like to cook Indomie noodles, but she is a girl and she has to. What if the parents, from the beginning, taught

both children to cook them? Cooking, by the way, is a useful and practical life skill for a boy to have. I've never thought it made much sense to leave such a crucial thing – the ability to nourish oneself – in the hands of others.

I know a woman who has the same degree and same job as her husband. When they get back from work, she does most of the housework, which is true for many marriages, but what struck me was that whenever he changed the baby's nappy, she said thank you to him. What if she saw it as something normal and natural, that he should help care for his child?

Ang ganitong pagtatakda ng patriyarkal na lipunan sa mga gampanin ng mga indibidwal batay sa kasarian ay nagdudulot ng kaapihan sa kababaihan. Naikakahon sila ng ganitong sistema sa espasyong domestiko, at tinatanggalan ng pagkakataon na payabungin ang sarili sa samot-saring larangan na maaari sana nilang lahukan. Kung sakali mang nagagawa nilang maghanapbuhay sa labas ng tahanan, sila pa rin ang inaasahang mag-asikaso sa mga gawaing-bahay kahit na pareho lang naman na pagod ang babae't lalaki mula sa kani-kanilang trabaho. Gayundin, batay sa siniping mga pangungusap mula kay Adichie, hindi lamang ang babae ang nasisikil ng ganitong sistema. Natatanggalan din nito ang kalalakihan ng oportunidad na matuto ng mga praktikal na kakayahang mapakikinabangan sana nila tulad ng pagluluto, paglalaba, at pananahi.

Ilang siglo nang umiiral sa Pilipinas ang ganitong hindi patas na ugnayang pangkasarian, at hindi maaasahang magbabago ito sa isang iglap. Estruktural ang suliraning ito, kaya naman estruktural din dapat ang maging dulong kung nais natin itong malunasan. Sa puntong ito ay malaki ang magagawa ng sistemang pang-edukasyon. Ang edukasyon ay isa sa mga makapangyarihang ahente ng sosyalisasyon na humuhubog sa paniniwala at mga pagpapahalaga ng publiko (Macionis, 2004, 369). Hangga't nananatiling bihag ng lohika ng patriyarkiya ang sistemang pang-edukasyon, magiging mahirap ang gawain ng paglalansag sa 'di makatarungang ugnayang pangkasarian.

Tulad ng nabanggit na, sa antas ng pagkabata ay nasisimulan na ang pagtatanim sa kamalayan ng mga Pilipino ukol sa mga itinakdang gampanin batay sa kasarian. Kaya naman, kung magsasagawa ng reporma sa sistemang pang-edukasyon, dapat itong simulan sa mga unang antas pa lamang ng edukasyon—sa primaryang edukasyon o elementarya. Sa aspektong ito papasok ang saysay ng mga panitikang pambata. Magagamit ng mga guro ang mga panitikang pambata bilang pedagohikong kasangkapan upang maisulong sa kamalayan ng mga batang mag-aaral ang egalitaryong ugnayang pangkasarian. Maaaring ipabasa ng mga guro sa elementarya ang ganitong uri ng mga panitikang pambata sa iba't



ibang asignatura tulad ng Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao. Ang ganitong kahalagahan ng mga progresibong panitikang pambata ay naipaliwanag nang malinaw ni Christabel Pinto (2021) nang isulat niya ang mga sumusunod na pangungusap:

Inclusion in books matters because literature conveys sociocultural norms that can shape children's beliefs and aspirations, and influence how they see and understand themselves and their place in the world . . . Children's books can challenge stereotypes, such as having female characters in roles that are usually associated with men.

Sa labas ng pormal na sistemang pang-edukasyon, maaaring mamahagi ang mga manggagawang kultural (*cultural worker*) ng ganitong mga babasahin sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Ang ganitong praktis ng mga manggagawang kultural, lalo na yaong mga may adbokasiyang feminista, ay makatutulong upang masusugan sa labas ng pormal na edukasyon ang repormang hinahangad sa mismong loob ng pormal na edukasyon. Bukod sa mga guro at mga manggagawang kultural, magagamit din ng mga progresibong magulang ang ganitong mga panitikang pambata para sa paghubog sa kamalayang egalitaryo ng kanilang mga anak. Sa pamamagitan ng ganitong magkakahiwalay ngunit magkakapanalig na pagkilos, unti-unting maisusulong sa kamalayan ng mga bata ang egalitaryong ugnayang pangkasarian, sa loob man ng paaralan, sa komunidad, o sa tahanan.

Sa konteksto ng ganitong malawakang pagsusulong ng egalitaryong sistemang pangkasarian mas makikita ang kahalagahan ng paglilimbag ng mga panitikang pambatang may feministang oryentasyon. At isa na rito ay *Ang Nanay Kong Drayber*.

## **Pagbasa sa Egalitaryong Mensahe ng Ang Nanay Kong Drayber**

Ang akdang *Ang Nanay Kong Drayber* ay isang kuwentong pambata na isinulat ni Reina Beatriz P. Peralta at iginuhit ni Pepot Z. Atienza. Si Peralta ay nagtapos ng AB Journalism sa Bulacan State University, at kasalukuyang kumukuha ng masters sa Malikhainag Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas. *Ang Nanay Kong Drayber* ay ang una niyang lathalang kuwentong pambata. Samantala, si Atienza naman ay isang alagad ng sining mula sa Quezon, na kadalasang humuhulma ng mga karakter sa mga kuwentong pambata na animo'y gawa sa kley. Bukod sa preokupasyon sa pagguhit ng mga ilustrasyon para sa mga kuwentong pambata, nagtuturo rin siya sa pagsulat ng baybayin at paggawa ng samot-saring sining para sa mga bata.

Isinasalaysay ang naratibo gamit ang lente ni Billy, isang bata na sa unang pagkakataon ay sumama sa pamamasada ng kaniyang nanay na drayber ng dyip. Umiinog ang buong kuwento sa uri ng mga taong namamasid ni Billy habang tinutulungan niya ang kaniyang nanay sa pamamagitan ng pag-aabot ng mga pamasaheng ibinabayad ng mga pasahero. Ang namamasid ni Billy ay isang imahinaryong daigdig na likha nina Peralta at Atienza. Sa imahinaryong daigdig na ito, ideal ang lipunang Pilipino, egalitaryo ito kung ang pag-uusapan ay ugnayang pangkasarian.

Nanay ni Billy ang pangunahing karakter sa ideal na daigdig na ito, na siyang itinatatampok sa mismong pamagat ng kuwento. Ang diin sa kuwento ay wala sa detalye na ang nanay ay isang **drayber**, kundi nasa katotohanang ang drayber ay isang **nanay**. Sa ibang salita, walang kakaiba sa trabaho ng nanay, ang kakaiba ay ang kasarian ng drayber. May elemento ng panggulat ang detalyeng ito sa imahinaryong daigdig ni Billy, dahil sa aktuwal na mundo ng mambabasa, tipikal na panlalaking hanapbuhay ang pamamasada ng dyip bilang drayber. Sa isang pag-aaral nina Abuzo et al. (2017, 2325), inilahad nila ang isang bagay na siguradong alam na naman nating lahat—na ang pamamasada ng dyip ay nananatili pa rin bilang isang industriyang pinaghaharian ng kalalakihan. Samakatwid, ang pag-iral pa lamang ng nanay ni Billy na isang drayber sa imahinaryong daigdig nina Peralta at Atienza ay isang nang dambuhalang kritika sa aktuwal na mundo ng mambabasa. Ngunit isa lamang ito sa marami pang pagkastigo nina Peralta at Atienza sa aktuwal na mundo ng mambabasa, sapagkat marami pang makikita si Billy sa ideal na daigdig ng kuwento habang nakasakay siya sa dyip ng nanay niyang drayber.

Ang kauna-unahang mamamasid ni Billy ay isang grupo ng siyam na *construction workers*. Kasalukuyang nagtatrabaho ang mga manggagawa. Samot-sari ang kanilang ginagawa. May naglalagari ng kahoy, nagpupukpok ng martilyo, naghahalo ng semento, at nagkakabit ng yero. Ngunit ang panggulat na elemento sa senaryong ito ay ang nag-iisang babaeng manggagawa na may pasan na *hollow blocks* sa kaliwang balikat, habang ang kanang kamay naman ay may bitbit na isang sako ng buhangin. Kadalasang ipinagpapalagay na mas mahina ang pisikal na pangangatawan ng babae kaysa lalaki, inaasahan na ang mga trabahong gumagamit ng pisikal na puwersa ay para lamang sa mga lalaki. Madalas nating maririnig ang mga katagang “hindi dapat pinagbubuhay ng mabibigat ang babae.” Minsan, dinadagdagan pa ito ng mga pagwiwika na ito’y sapagkat “dapat na ituring na prinsesa ang babae.” Sa unang dinig, tila marka ng pagkamagino ang ganitong mga pagpapahayag. Ngunit sa maraming pagkakataon ay nakaugat ito sa implisitong idea ng paternalismo. Ang ibig kong sabihin, ang paggigiit na “dapat ituring na prinsesa ang babae” ay madalas na hindi nakabatay sa tunay na paggalang sa babae, kundi sa patagong paniniwala na mas mahina ang babae, imperyong siya, kaya kailangang magparaya ng superyor na lalaki. Ang pagpaparayang ito ay nakikita ng lalaki bilang isang uri ng kawanggawa sa isang entidad

na mas mababa kaysa kaniya, kaya naman dapat na tumanaw ang entidad na ito ng utang-na-loob sa kaniyang “pagkamagino.” Ngunit hindi gumagana ang paternalismong ito sa ideal na daigdig na namamasid ni Billy, dahil sa kaniyang daigdig, ang babae ay hindi nanghihingi ng pagpaparaya mula sa lalaki, dahil kaya rin niyang gawin ang ginagawa ng lalaki—tulad ng pagbubuhat ng *hollow blocks* at sako ng buhangin. Malinaw ang mensaheng ito nina Peralta at Atienza sa mga katagang inilagay nila sa labi ni Billy: “Ang lakas naman ng ale! Galing!”

Pagkatapos ay napadpad naman ang dyip nina Billy sa isang mistulang palengke. Samot-sari ang ibinebenta rito ng mga tintera’t tindero. May nagtitinda ng mga gulay tulad ng talong, karot, labanos, at kamatis. Katapat nito ang tinderang nagtitinda ng mangga. May tindero ding nagbebenta ng iba’t ibang uri ng isda, at gayundin ng pusit. Katabi naman nito ang isang tinderang nagbebenta ng karne ng mga manok at baboy. Bukod sa mga namamalengke, sa larawan ay mayroon ding isang bata na bumili mula sa isang lalaking naglalako ng mga lobong may iba’t ibang kulay at hugis. Ngunit ang elementong panggulat dito ay ang babaeng magtataho. Tulad ng mga drayber ng dyip at *construction worker*, kadalasang dinodolina rin ng kalalakihan ang trabaho ng paglalako ng taho. Sa katunayan, may ilang mga nagbibiro sa *social media* na kaya raw walang babaeng magtataho ay dahil baka mapatsismis lang ito, at lalamig ang ibinebentang taho. Siyempre ay may seksistang mensaheng implisito sa birong ito—ang estereotipikong pagtingin sa kababaihan bilang mga tsismosa. Ngunit ang tuon natin dito ay ang linyang nagsasabing walang babaeng magtataho. Kaya naman ang tila maliit na detalye ng babaeng magtataho sa larawan ay isang napakahalagang elemento sa kuwento. Paggigiit ito na may lakas din ang mga babae na magbuhat ng mabibigat na imbakan ng taho habang naglalakad sa ilalim ng init ng araw.

May isang eksena rin na nakakita si Billy ng isang drayber ng traysikel—na isang babae! Ipinapakita sa larawan ang pagkaway ni Billy at ang ganting pagkaway rin sa kaniya ng drayber, habang may pasahero itong sakay na isa ring babae. Isinalaysay ni Billy ang eksenang ito sa pamamagitan ng pagwiwika ng “Parang si Nanay, nagdadrayb din! Galing!” Muli, mahalaga rin ang detalyeng ito, dahil tulad ng mga drayber ng dyip, tipikal na trabahong nakalaan sa kalalakihan ang pamamasada ng traysikel. Pagkatapos nito, biglang naudlot ang kanilang pag-andar, dahil ani ni Billy “Na-flat ang gulong ng dyip namin!” Ngunit hindi naman ito naging suliranin, dahil kasunod nito ang pagwiwika ni Billy ng “Buti na lang, malakas at magaling si Nanay.” Tampok sa senaryong ito ang kaniyang nanay na mag-isang nagbubuhat ng mabigat na gulong ng dyip, nang walang tulong mula sa sinumang lalaki. Kita sa ekspresyon ng mukha ng nanay niya na nabibigatan ito, pero hindi naman ito suliranin yamang ganito rin naman ang ekspresyong makikita sa sinumang lalaki na nagbubuhat ng mabigat na gulong. Sa tabi ng binubuhat na gulong

ay makikita rin ang ilang mga kasangkapan na ginagamit para sa pagkukumpuni sa dyip tulad ng *wrench* at *screwdriver*.

Nang makumpuni na ang gulong ng dyip, dumiretso sila sa gasolinahan, at isang babae ang umasiste sa kanilang maglagay ng gasolina. Sa kabila ay mayroon ding isang lalaking naglalagay ng gasolina sa isa pang sasakyan. Muli, mahalaga rito ang pag-iral ng isang babaeng tagapaglagay ng gasolina, dahil kritika ito sa aktuwal na mundo ng mambabasa na ang mayorya ng mga manggagawang nasa industriya ng gasolina ay mga kalalakihan. Pagkatapos nito ay napadaan ang kanilang dyip sa isang palaruan (*playground*). Samot-saring laro ang ginagawa ng mga bata sa eksenang ito. Karamihan sa mga tauhan sa eksenang ito ay pares ng lalaki at babaeng nakikipaglaro sa isa't isa. Isa lang ang lalaking walang kalaro sa eksena (na tila may kostiyum ng kapa ni Superman). May dalawang nanay na tila nagbabantay sa kanilang anak. May pares ng babae't lalaking naghahabulan, nagpapatintero, at mayroon ding nagpapatihulog mula sa padulasan. Ngunit ang elementong panggulat sa senaryo ay ang isang babaeng may hawak ng bola, na tila bola ng basketbol, habang nakikipaglaro siya sa isang lalaki. Kakaiba ito dahil kadalasang sa lalaki lamang ibinibigay ang bola bilang laruan. Bukod rito, bagaman may propesyonal nang mga grupo ng mga babaeng basketbolista sa bansa, sa mga lansangan ay tipikal na mga kalalakihan lamang ang madalas na makikitang nagbabasketbol. Sa katunayan, may impresyon ang ilan sa lipunan na ang isang babaeng nakikipaglaro ng basketbol sa mga lalaki sa lansangan ay tomboy (Almo 2014). Siyempre, nakaugat ito sa paniniwala na ang basketbol ay isang larong panlalaki. Kaya naman ang payak na pakikipaglaro ng isang babae ng bola ng basketbol sa isang lalaki sa ideal na daigdig nina Peralta at Atienza ay isa nang matibay na pagtindig para sa egalitaryong ugnayang pangkasarian.

Mula sa palaruan ay nadaanan naman ng dyip nina Billy ang isang tila parke, kung saan samot-sari ang mga aktibidad na isinasagawa ng mga tao. May tumutugtug ng gitara habang pinakikinggan siya ng ilang tao. Sa tabi niya ay may nagbebenta ng mga inihaw na betamax at isaw. Sa bandang kaliwa ng eksena ay may dalawang babaeng nagpapahayag ukol sa karapatan ng mga kababaihan. Kapansin-pansin ito sa nakataas na kamao ng isang babae, ang karatula sa entablado tinatayuan niya na may nakasulat na "Kababaihan," ang hawak niyang mikropono, at ang kasama niyang isa pang babaeng may disenyong kulay-rosas na laso ang suot na damit. Sa gilid nila ay may babaeng nagtitinda ng balut. May egalitaryong mensahe ang detalye ukol sa dalawang babaeng nasa entablado, gayundin ang babaeng nagbebenta ng balut (dahil marami sa mga magbabalut ay lalaki). Ngunit ang elementong panggulat sa eksenang ito ay wala sa dalawa, kundi naroon sa isang babaeng bumibili ng bungkos ng mga bulaklak ng rosas mula sa isang tindero. Ang kadalasang bumibili ng mga ganito ay ang kalalakihan, dahil ibinibigay nila ito sa kanilang nililigawan o di kaya'y sa kanilang nobya tuwing Araw ng mga Puso. Ngunit

sa ideal na daigdig na nasusulyapan ni Billy, babae ang bumibili ng bulaklak. Maaaring ibibigay niya ito sa kaniyang kaibigang kapuwa babae. Maaari rin namang sa magulang. Ngunit may posibilidad na ang pagbibigyan niya nito ay ang kaniyang nobyo. Hindi rin marahil kalabisang sabihin na may posibilidad na ibibigay niya ito sa lalaking nais niyang ligawan. Hindi ito imposible sa ideal na daigdig nina Peralta at Atienza. Kung ito man ang layuning kahulugan nina Peralta at Atienza, radikal na pagbasag ito sa patriyarkal na imahen ng babae bilang pasibong tagapaghintay lamang ng aktibong pagkilos mula sa lalaki. Ani nga ni Lualhati Bautista (2016, 13):

Bakit hindi puwedeng manligaw ang babae, mag-ipit ng sulat sa notebook ng pinakapoging kaklase niya o bumisita sa bahay nito at umakyat ng ligaw – mga bagay na grade four pa lang ay ginagawa na ng mga batang lalaki. Bakit ang mga batang lalaki, ipamalita mo man kung sino ang crush nila, natatawa lang? Samantalang ang mga batang babae, laging secret kung sino ang crush nila, huwag kang maingay at iiyak iyan. Kasi nga, bata pa, inilalagay na ang babae sa sitwasyon ng pananahimik at pagkamahiyain. Paano na lang pag ibang babae ang nagustuhan ng crush niya? Ni hindi man lang siya nabigyan ng pagkakataong ipahayag ang damdamin niya.

Ngunit hindi tunay na egalitaryo ang isang lipunan kung ang mga babae lamang ang nakapapasok sa mga gampanin na ipinapagalagay na panlalaki, habang ang mga lalaki ay nananatili lamang sa mga espasyong itinatakda ng lipunan para sa kanila. Marapat na mabigyan din ng oportunidad ang mga lalaki na pasukin ang mga espasyong tradisyonal na ipinagpapalagay na pambabae lamang. Kaya hindi nakapagtataka na ang bagay na ito ay makikita rin ni Billy sa ideal na daigdig nina Peralta at Atienza.

Isa sa mga eksena kung saan natunghayan ito ni Billy ay yaong nadaanan nilang isang salon, kung saan nabanggit ni Billy, “Mayroon ding lalaki na marunong mag-make up. Galing!” Ito’y dahil nakakita siya ng isang parloristang lalaki na inaayusan ang isang nakaupong babae. Kadalasang ipinagpapalagay na pambabae ang gawaing ito, dahil ang dimensiyon ng pagpapaganda ay inilalaan sa kababaihan. Ngunit dito ay nasaksihan ni Billy na maaari rin namang maging parlorista ang mga lalaki.

Sa pahina 19 ng obra, nagwika naman ng ganito si Billy: “Mayroon ding tatay na nag-aalaga ng anak. Parang si Tatay, inaalagaan ako.” Nasambit niya ito nang may sumakay sa kanilang dyip na isang tatay na may kalong-kalong na isang bata. Kapansin-pansing may disenyo ng bungo ang itim na damit ng tatay, habang buhat niya ang anak na nakasuot ng damit na kulay rosas at may dilaw na pusong disenyo. Ang itim na damit na may

bungong disenyo ay kadalasang ikinakabit sa matigas na maskulinidad, sa pagiging brusko o siga. Ngunit sa eksenang ito, ang tatay na may bigote't balbas at may itim na damit na may disenyong bungo ay nakangiting kinakarga ang kaniyang anak. Tila ipinapakita rito nina Peralta at Atienza na hindi kontradiksiyon ang pagiging siga/brusko at pagiging maarugang ama. Mapagpalaya ang ganitong mensahe para sa mga kalalakihan mula sa tanikala ng mapanlasong maskulinidad (*toxic masculinity*), na kadalasang itinuturing ang pagiging mapagkalinga bilang kabawasan ng pagkalalaki (sapagkat itinuturing itong kalidad lamang ng mga babae).

Ang maituturing na rurok ng kuwento ay ang dinatnan nina Billy sa kanilang tahanan nang makauwi na sila ng kaniyang nanay na drayber. Pagbukas ng pinto ay sinalubong sila ng matamis na ngiti ng tatay ni Billy na kasalukuyang nagluluto ng kanilang hapunan. Habang nagluluto, nakasuot ang ama ng isang *apron* na puno ng disenyong puso na kulay rosas (kulay na kadalasang ikinakabit sa mga babae). Kung radikal ang mensahe nina Peralta at Atienza ukol sa drayber na nanay, mas mapanghamon ang representasyon nila sa isang tatay na naiwan sa tahanan upang magluto at magsagawa ng iba pang gawaing-bahay. Malinaw na pagbabalik at pagbabalikwas ito mula sa aktuwal na mundo ng mambabasa. Sa aktuwal na mundo ng mambabasa na pinaghaharian ng patriyarkiya, sa babae nakalaan ang espasyong domestikong, habang ang espasyo ng paggawa sa labas ng tahanan ay para naman sa lalaki. Ngunit sa ideal na daigdig na kinamulatan ni Billy, tatay ang nasa espasyong domestikong at nanay naman ang nasa espasyo ng paggawa sa labas ng tahanan. O mas angkop na sabihin na sa ideal na daigdig ni Billy, maaaring magpalipat-lipat kapwa ang babae at lalaki sa espasyong domestikong at sa mga espasyo sa labas ng tahanan.

Bago tapusin ang pagmamasid na ito sa buong kuwento, mahalaga ring pansinin ang mismong kasarian ng tagapagsalaysay. Nagkataon lang kaya na isang lalaki si Billy? Bakit hindi na lang babae ang nilikhang protagonista nina Peralta at Atienza? Hindi kaya pedagohikal ang layunin ng pagpili nila sa lalaki bilang tagapagsalaysay (i.e. upang iparating na ang kuwentong pambata na ito ay naglalayong magbigay ng edukasyon sa mga batang lalaki ukol sa egalitaryong ugnayang pangkasarian)?

### *Ang Nanay Kong Drayber bilang Pagbabalik-loob sa Sinaunang Egalitaryong Payamanan*

Ang ideal na egalitaryong daigdig nina Peralta at Atienza—na kinamulatan ni Billy—ay isang matinding pagkastigo sa di patas na aktuwal na mundo ng mambabasa. Pero kung tutuosin, ang imahinaryong egalitaryong daigdig na iminumungkahi ng akda ay hindi naman talaga bago sa lipunang Pilipino. Kung sakali mang makamit ng sangka-



Pilipinuhan ang hinihirayang lipunan na ito, ito ay hindi pagbuo ng isang bagong lipunan na banyaga sa Pilipinas, bagkus ay pagbabalik lamang ito sa orihinal na kaayusan ng sinaunang pamayanang Filipino.

Egalitaryo ang sinaunang pamayanang Filipino bago ang pagsapit ng kolonyalismong Español. Malaki ang pagkagulantang ng mga Europeo nang una silang makadaong sa Pilipinas, sapagkat nakakita sila ng mga babaeng mangangalakal. Kakaiba ito para sa kanila, yamang sa maraming lipunan sa Europa ay nakakahon lamang sa espasyong domestiko ang kababaihan. Ang mga babae at lalaking anak ay parehong may karapatan na magmana ng ari-arian mula sa kanilang mga magulang (Scott 1994, 143). May karapatan ang mga sinaunang babae na mamili ng kanilang mapapangasawa (Jose 2012, 107). Kung sakaling magkahiwalay ang mag-asawa, mananatili sa babae ang mga ari-arian na orihinal niyang pag-aari. Ang babae at lalaki ay kapuwa may karapatan na makipaghiwalay sa isa't isa (Reid 1988, 629). Hindi nawawala ang sariling identidad ng babae matapos maikasal. Sa katunayan, kapag galing sa prominenteng pamilya ang babae, lalaki ang nagpapailalim sa identidad ng babae—halimbawa, makikilala ang isang lalaki na “asawa ni Ninay” o “asawa ni Isyang” (Torralba-Titgemeyer 1997).

Mamamalas din ang mataas na papel ng kababaihan sa sinaunang pamayanang Filipino sa katauhan ng mga babaylan, ang pinunong panrelihiyon ng ating mga ninuno. Karamihan ng mga babaylan ay mga babae. Maaari din namang maging babaylan ang isang lalaki (na tinatawag na “asog”), ngunit kailangan nitong magpakababae sa pananamit, pagkilos, at pananalita. Samakatwid, esensiyal na komponente ng babaylan ang pagiging babae (o pagpapakababae). Nangangahulugan ito na hawak ng kababaihan ang buong relihiyon ng sinaunang pamayanang Filipino. Bukod dito, babaylan din ang namumuno sa larangan ng medisina bilang sinaunang manggagamot. Dahil sa kaniya nakalagak ang mga praktikal at teoretikal na kaalaman ukol sa kalikasan, maituturing siyang isang proto-siyentista ng lipunang Pilipino (Salazar 2010, 12). Babaylan ang maituturing na unang sikolohistang Pilipino, bilang dalubhasa sa kamalayan ng tao (Enriquez 1982, 66).

Ngunit hindi pa rito natatapos ang mataas na katayuan ng babae bilang babaylan. Hawak din ng babae bilang babaylan ang kapangyarihan ng kasaysayan. Ang kasaysayan ay salaysay na may saysay sa isang grupong sinasalaysayan (Salazar 1997). Bilang salaysay na may saysay, isang halimbawa ng kasaysayan sa sinaunang pamayanang Filipino ay ang mga epiko. Ang nagsasaulo at umaawit ng mga epiko sa buong komunidad tuwing may mahalagang okasyon ay ang babaylan. Ibig sabihin, bukod sa pagiging unang pinunong panrelihiyon, unang manggagamot, at unang sikolohista, ang babae bilang babaylan din ang unang historyador sa Pilipinas.

Magsisimula lamang ang pagkasira ng egalitaryong ugnayang pangkasarian na ito sa Pilipinas pagsapit ng kolonyalismong Español. Pagdating ng mga mananakop, unti-

unti nang naikahon sa espasyong domestiko ang babae bilang tagapag-alaga ng mga anak at tagapagluto (Tugano 2017, 100). Pagdating ng Kristiyanismo, pinalitan ng mga pari ang mga babaylan, at samakatwid ay nalipat mula sa mga babae tungo sa mga lalaki ang kapangyarihan ng relihiyon. Sa sentro ng sistemang kolonyal, naging sekundarya na lamang ang gampanin ng kababaihan sa relihiyon bilang mga madre at hermana. Sa gilid naman ng sistemang kolonyal, unti-unti nang mas dumami ang mga lalaking babaylan kaysa mga babaeng babaylan. Maging ang kapangyarihan ng kasaysayan ay naagaw na rin ng kalalakihan. Noong panahon ng kolonyalismong Español, ang kasaysayan bilang salaysay na may saysay, ay napalitan ng *historia* ng mga Español, na nasa anyo ng mga kronika. Ang mga kronikang ito ay isinusulat ng mga pari at mga opisyal ng pamahalaan, na pawang mga kalalakihan. Kaya naman hindi nakapagtataka na kalalakihan na ang may hawak sa kapangyarihan ng kasaysayan, kalalakihan na rin ang naging bida sa kasaysayan. Tuwing lumilitaw sa mga tradisyonal na naratibong pangkasaysayan ang babae, laging sekundarya ang kaniyang papel at laging nakabatay ang kaniyang identidad sa imahen ng isang lalaki (hal. Gregoria de Jesus bilang asawa ni Andres Bonifacio, Trinidad Rizal bilang kapatid ni Jose Rizal), na tila ba wala silang sariling halaga sa kasaysayan.

Ang lahat ng ito ay nagpapakita na ang ideal na egalitaryong daigdig ng *Ang Nanay Kong Drayber* ay hindi naman talaga bago at banyaga sa lipunang Pilipino. Ang maituturing na bago at banyaga ay ang aktuwal na daigdig ng mambabasa, na bunga ng patriyarka na angkat lamang mula sa mga imperyalistang Kanluranin. Sa katunayan, ang mga bakas ng orihinal na egalitaryong lipunan ng sinaunang pamayanang Pilipino ay nagpapatuloy pa rin sa ilang pangkat etniko sa Pilipinas. Halimbawa, sa premyadong dokumentaryong *Walang Rape sa Bontok* (Ocampo 2014), inilahad na sa lipunang Bontok, wala silang nakikitang suliranin sa pag-aalaga ng mister sa anak sa bahay habang ang misis ay nag-aararo sa sakahan. Hindi nila nakikitang kabawasan sa pagkalalaki ng lalaki ang paggawa ng mga domestikong trabaho, kaya hindi rin insulto at banta sa pagkalalaki nila sa kanila ang paghahanapbuhay ng babae sa labas ng tahanan.

Ito lamang ang pinakapunto ng lahat ng ito—hindi imposible ang replikasyon ng ideal na daigdig nina Peralta at Atienza sa aktuwal na mundo ng mambabasa. Mula sa mga natalakay sa itaas, dalawa ang kadahilanan nito. Una, ito naman talaga ang orihinal na pangkalinangang daigdig ng mga Pilipino, na nasira lamang dahil sa kolonyalismo. Ikalawa, hindi naman ganap ang pagkawasak ng sinaunang egalitaryong sistemang ito, dahil umiiral pa rin ang bakas nito sa ilang pangkat etniko sa kasalukuyan. Samakatwid, ang kailangang gawin ng mga Pilipino sa usaping pangkasarian ay hindi pagbabagong-anyo kundi pagbabalik-loob.

Hindi kailangan ng pagbabagong-anyo tungo sa isang kaayusang ganap na bago at banyaga sa kalinangang Pilipino. Sa halip, ang dapat na gawin ay magbalik-loob sa

isang egalitaryong sistemang likas sa mga Pilipino. Malaki ang pagkakaiba sa pagitan ng pagbabagong-anyo at pagbabalik-loob. Ang pagbabagong-anyo ay may konotasyon ng radikal na transpormasyon tungo sa isang estadong naiiba at taliwas sa lumang anyo. Sa kaso ng pagbabalik-loob, ang kailangan lamang gawin ay bumalik sa orihinal na loob na mayroon tayo, loob na likas sa atin. Para kina Enriquez at Maggay (1993), tumutukoy ang pagbabalik-loob sa paglalakbay at muling pagpapaloob sa “sinapupunan ng ating katutubong kultura.”

May malaking implikasyon ang ganitong pagbabalik-loob sa usaping pangkasarian. Nangangahulugan ito na kung ninanasa nating magbalik-loob sa sinaunang egalitaryong lipunang Pilipino, kailangan nating tingnan ang kalinangang Filipino bilang mayamang batis na mapaghuhugutan ng mga rekurso (resources). May ilang feminista na may tendensiyang labis-labis na pagdudahan ang kalinangang Filipino bilang tadtad ng mga elementong mapang-api. Bagaman wala namang perpektong kultura sa pagiging egalitaryo (at samakatwid ay mayroon ding ilang elementong mapang-api ang kalinangang Filipino), mas angkop na dulog sa kasalukuyan ang tinatawag ni Jose de Mesa (2003) na “*hermeneutics of appreciation*” kaysa “*hermeneutics of suspicion*.” Sa halip na *hermeneutics of suspicion* na kinakarakterisa ng matinding pagdududa sa kultura, mas napapanahon sa kasalukuyan ang *hermeneutics of appreciation*, na itinuturing ang kalinangang Filipino bilang mapaghuhugutan ng mga mapagpalaya at mapagpaginhawang elemento para sa lipunan.

Sa kaso ng pinapangarap na egalitaryong ugnayang pangkasarian, isa sa mga kilusang feminista sa Pilipinas na nagsasagawa ng pagbabalik-loob ay ang Feminismong Babaylan. Isang uri ito ng feminismo na tinatangkang maiugat ang sarili sa kalinangang Filipino sa pamamagitan ng makapangyarihang simbolismo ng babaylan (tingnan ang Mangahas at Llaguno 2006). Potensiyal na simbolo ng pagsasakapangyarihan sa mga kontemporaryong Filipina ang imahen ng babae bilang babaylan, dahil sa mahalagang papel na ginagampanan nito sa sinaunang pamayanang Filipino.

Ngunit isa lamang ang Feminismong Babaylan sa napakarami pang kasangkapan na maaaring gamitin ang mga Filipino upang tuluyang makapagbalik-loob sa “sinapupunan ng ating katutubong kultura,” kung saan egalitaryo ang namamayaning ugnayang pangkasarian. Mahaba-haba pa ang lalakbayin natin sa landas ng pagbabalik-loob. Ngunit hindi ito imposible, lalo na kung dadami pa ang mga panitikang pambata tulad ng akda nina Peralta at Atienza. At habang dumarami ang ganitong panitikang pambata, patuloy tayong mangangarap na isang araw ay masusulyapan na nating mga Billy ang isang lipunang Filipino, na hindi na pinipintasan ang tatay kong tagaluto at ang nanay kong drayber.

## Sanggunian

- Abuzo, Anabel, Iderlina Mateo-Babiano, Louella D. Mabras, at Charlene Mae G. Tagam. (2017). "The Gender and Indigenous Transport Nexus: Issues and Challenges of Jeepney Drivers and Passengers in Relation to Travel Time and Delay." *Journal of the Eastern Asia Society for Transportation Studies* Vol. 12.
- Adichie, Chimamanda Ngozi. (2014). *We Should All Be Feminists*. London: Fourth Estate.
- Almo, Alder. (2014). "Chasing the Dream." Websayt ng Philstar, pinaskil noong Marso 25, 2014, <https://www.philstar.com/sports/2014/03/25/1313322/chasing-dream?nomobile=1> (nakuha noong Disyembre 10, 2021).
- Bautista, Lualhati. (2016). *Hinugot sa Tadyang*. Quezon City: Dekada Publishing.
- Bautista, Lualhati. (2018). *Dekada '70*. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc.
- De Mesa, Jose M. (2003). *Why Theology is Never Far from Home*. Manila: De La Salle University Press, Inc.
- Enriquez, Virgilio G. (1982). "Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan." Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, patnugot, Rogelia Pe-Pua, 64-82. Quezon City: University of the Philippines Press, 1982.
- Enriquez, Virgilio G., at Melba Padilla Maggay. (1993). "Paunang Salita." Nasa Melba Padilla Maggay, *Pagbabalik-loob: Moral Recovery and Cultural Reaffirmation*. Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino at Institute for Studies in Asian Church and Culture.
- Jose, Mary Dorothy dL. (2012). "Imahen ng Kababaihan sa mga Piling Epikong Filipino." *Dalumat E-Journal* Vol. 3, No. 2.
- Macionis, John. (2004). *Society: The Basics*. Ikapitong Edisyon. New Jersey: Pearson Education.
- Mangahas, Fe B., at Jenny Llaguno. Mga patnugot. (2006). *Centennial Crossings: Readings on Babaylan Feminism in the Philippines*. Quezon City: C&E Publishing, Inc.

- Ocampo, Carla. (2014). *Walang Rape sa Bontok*. Isang dokumentaryo sa direksyon ni Lester Valle.
- Pinto, Christabel. (2021). "How to Make Children's Book Collections More Inclusive." Websayt ng *Global Partnership Org*, pinaskil noong Hunyo 3, 2021, <https://www.globalpartnership.org/blog/how-make-childrens-book-collections-more-inclusive> (nakuha noong Disyembre 9, 2021).
- Reid, Anthony. (1988). "Female Roles in Pre-Colonial Southeast Asia." *Modern Asian Studies* Vol. 22, No. 3.
- Salazar, Zeus A. (1997). "Ang Pantayong Pananaw sa Agham Panlipunan: Historiograpiya". Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad na Pag-aaral sa Bagong Kasaysayan*, mga patnugot, Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, 67-78. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.
- Salazar, Zeus A. (2010). "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas." Nasa *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*, mga patnugot, Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro, 7-37. Quezon City: C&E Publishing, Inc.
- Scott, William Henry. (1994). *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Torralba-Titgemeyer, Lorna S. (1997). "La Mujer Indigena - The Native Woman: A Description of the Filipino Woman during Pre-Spanish Time." Websayt ng *Austrian-Philippine Website*, ipinaskil noong Marso 1, <https://www.univie.ac.at/ksa/apsis/aufi/wstat/mujer.htm> (nakuha noong Disyembre 10, 2021).
- Tugano, Axle Christien J. (2017). "Ang Kababaihan ng Katipunan, Ang Katipunan sa Kababaihan: Isang Diskurso sa Ambag ng mga Babae sa Himagsikang Pilipino." *Saliksik E-Journal* Vol. 6, No. 2 (Nobyembre): 97-154.